



Ang California Early Start ay isang programang dinisenyo upang matiyak na ang mga kwalipikado na sanggol, bata, at kanilang mga pamilya ay tumatanggap ng ebalwasyon at assessment sa kasalukuyan nilang pagkilos at coordinated na serbisyo nang maaga para makagawa ng pagbabago sa kanilang pag-laki.

Paano Makakatulong ang Early Start?

Ang programa na ito ay nagtitipon ng resources at serbisyo upang matulungan ang mga sanggol at mga bata na lumaki, matuto at magbigay suporta sa mga pamilya upang mapahusay ang pag-laki ng kanilang anak. Ang mga serbisyo ay planado at magdadala ng tulong para maiwasan o mabawasan ang pangangailangan para sa mga espesyal na serbisyo at para matiyak na mahusay ang paglaki ng mga bata mula sa simula.

Ano ang Early Intervention?

Bahagi ng early intervention ay ang agad na pagtukoy sa mga delays at mga risk factors at pagbibigay ng tulong upang maalis o mabawasan ang mga problemang nagreresulta mula sa mga ito. Idinisenyo ang mga serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan sa paglaki ng bawat bata at ang mga pangangailangan ng pamilya na related sa pag-unlad ng sanggol o bata.

Ang California Early Start ay isang programang pinopondohan ng pederal na pamahalaan sa pamamagitan ng "Part C" ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA, Batas para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan).



Tsart ng Inaasahang Pag-unlad

Ngumingiti.....	Kapanganakan hanggang 2 buwan
Gumugulong.....	3 hanggang 4 na buwan
Umuupo nang mag-isa.....	5 hanggang 6 na buwan
Kumakapit para makatayo.....	7 hanggang 9 na buwan
Tumatayo.....	10 hanggang 12 buwan
Naglalakad.....	13 hanggang 15 buwan
Bumibigkas ng mga salita.....	16 hanggang 18 buwan
Nagsasalita gamit ang mga pangungusap.....	24 na buwan

Para sa karagdagang impormasyon o para mag-apply para sa mga serbisyo ng California Early Start o Regional Center, mangyaring makipag-ugnayan sa:

County ng San Diego

Tumawag sa Telepono ng Early Start:
(858) 496-4318
Telepono ng Regional Center:
(858) 576-2938

County ng Imperial

Telepono ng Early Start at Intake Department ng Regional Center:
(760) 355-8383



Sentrong Panrehiyon ng San Diego
4355 Ruffin Road, San Diego, CA 92123
P (858) 576-2996 / F (858) 576-2873

www.sdrc.org



Early Start



Sentrong Panrehiyon ng San Diego

Paglingkuran ang mga Indibidwal na may Debelopmental na Kapansanan sa San Diego at Imperial Counties.



Ang Mga Dapat Alamin

Ang Aming Misyon

Maglingkod at bigyan ng lakas ang mga taong may debelopmental na kapansanan at ang kanilang pamilya na makamit ang kanilang mga layunin kasama ang mga kasamahan sa komunidad.

Maraming magulang ay may mga katanungan at pag-aalala tungkol sa paglaki at pag-develop ng kanilang anak, kahit na maayos ang lahat.

Gayunman, kung nagkaroon ng malubhang problema sa panahon ng pagbubuntis, sa oras ng panganganak, o sa unang mga araw o linggo ng buhay ng baby, ang mga magulang ay nagaalala kung mabuti ang kalusugan ng kanilang anak.



Early Start Eligibility

Ang mga sanggol at bata, mula pagkapanganak hanggang sa edad na tatlong taon, ay eligible para sa SDRC Early Start kung nangangailangan sila ng mga serbisyo ng maagang interbensyon dahil sa isa sa mga sumusunod:

1 Mga Developmental Delays

Mga sanggol at bata na natukoy na may malaking significance (hindi bababa sa 25%) sa pagitan ng inaasahang antas ng paglaki para sa kanilang edad at kasalukuyan level ng kanilang pagkilos sa mga sumusunod na aspeto:

- Kognitibo
- Pisikal/Motor
- Expressive na Komunikasyon
- Receptive na Komunikasyon
- Social/Emosyonal
- Adaptive Skills

2 Mga Established Risk

Kapag ang isang sanggol o bata ay may kondisyon na may mataas na posibilidad na magresulta sa developmental delay. Isang halimbawa ay isang batang ipinanganak na may Down syndrome.

3 Mga High Risk ng Developmental Disability

May dalawa o higit pa sa mga sumusunod na factors:

- Mababa sa 32 linggo ang pagbubuntis at/o timbang noong ipinanganak na mababa sa 1500 gramo
- Kinabitan ng bentilasyon (assisted ventilation) ng 48 oras o mas matagal pa, sa panahon ng unang 28 araw ng buhay



- Maliit para sa edad noong ipinagbubuntis
- Asphyxia neonatorum
- Malubha at persistent na metabolic seizures sa unang tatlong taon ng buhay
- Maraming congenital anomalies
- Neonatal seizures o nonfebrile seizures sa unang tatlong taon ng buhay
- CNS lesion (central nervous system lesion) o abnormalidad
- CNS inpeksyon (central nervous system infection)
- Biyomedikal na pangyayari (pinsala, aksidente o sakit) na maaaring makaapekto sa development ng sanggol/bata.
- Exposure sa teratogens bago ipanganak
- Exposure sa substansya bago ipanganak, positi bong toxicology screen withdrawal bago ipanganak.
- Fetal alcohol syndrome
- Klinikal significant na pagbigong pagdevelop ng sanggol/bata
- Persistent na hypertonia o hypotonia

O ang magulang ng sanggol/bata ay isang taong may developmental disability

Ang Role ng Regional Center

- Maglaan ng service coordination
- Magcoordinate o magarrange ng ebalwasyon para malaman ang eligibility sa mga serbisyo ng Early Start
- Kumukumpleto ng assessments para sa pagpapalano ng serbisyo
- Gumagawa ng Pang-Indibidwal na Plano ng Serbisyo sa Pamilya (Individual Family Service Plan)
- Nagmomonitor ng mga serbisyo at nagbibigay ng mga pana-panahong reviews at assessments ng plano.



Ang Individual Family Service Plan

Ang Individual Family Service Plan (**IFSP**) ay isang plano na nakapokus sa pamilya na ginawa at binase mula sa mga natural na suporta ng pamilya. Tinutugunan nito ang mga pag-aalala ng pamilya, mga pangangailangan sa pag-laki ng bata, at mga kinakailangan ng pamilya upang matugunan ang mga pangangailangan ng iyon.

Mga Available na Resources para sa Early Intervention

Bukod- tangi ang mga resources sa bawat pamilya, ito ay depende sa kanilang pangangailangan. Ang mga generic resources ay kasama ngunit hindi limitado sa Medi-Cal, Supplemental Security Income (SSI, Karagdagang Kitang Panseguridad), In-Home Support Services (IHSS, Mga Serbisyong Sumusuporta sa Tahanan), California Children's Services (CCS, Mga Serbisyo sa mga Bata sa California), at Tri-West.

Kailangang gamitin ng mga pamilya ang kanilang pribadong insurance o plano ng pangangalagang pangkalusugan para sa ANUMANG SAKLAW na benepisyo para sa mga serbisyo ng Early Start na tinukoy sa IFSP.

Ang Role ng Service Coordinator (Tagapag-ugnay ng Serbisyo)

Ang isang service coordinator ay nakatakdang tumulong sa mga bata at mga pamilya kapag na-refer sila para sa ebalwasyon at assessment. Sila ang pangunahing kokontakin para sa pag-uugnay ng mga serbisyo at pagbibigay ng tulong sa anak at pamilya.



Ang service coordinator ay responsable sa pagpapalano ng pagbuo ng IFSP at pagrereview nito kasama ang pamilya at mga provider ng serbisyo kada anim na buwan.

Pag malapit nang magtatlong taon ang bata, magbubuo ang service coordinator, kasama ang IFSP team sa pag papalano para magtransisyon out ng Programang Early Start bago mag-edad tatlo.

Ano ang Nangyayari sa Edad na Tatlong Taon?

Hanggang sa edad na tatlo, ang mga bata na walang kapansanan ay rinerefer sa ibang community resources para sa ibang mga serbisyo na kailangan nila or pag kailangan nila.

Ang mga bata na may developmental disability hanggang o bago ang kanilang ikatlong kaarawan ay patuloy na magiging eligible para sa mga serbisyo at i-rerefer sa case management unit na malapit sa kanilang lugar para sa nagpapatuloy na suporta at tulong.

Ang pagiging eligible para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng San Diego Regional Center ay inilalarawan sa pamamagitan ng Lanterman Act. Kabilang dito ang mga indibidwal na may mga sumusunod na kondisyon: kapansanang intelektwal, cerebral palsy, epilepsy, autism, Down syndrome, at iba pang mga kondisyong nangangailangan ng mga serbisyong katulad ng mga kinakailangan ng mga indibidwal na may kapansanang intelektwal.